

"Wag maging kampante vs COVID-19"

Balita · 12 Mar 2021 · 2 · Jun Fabon

Umaapela ang **Quezon City government** sa pribadong sektor na mas paigtingin ang pakipagtulungan sa gobyerno, lalo na sa pagsunod sa bagong mga direktiba upang masugpo ang paglaganap ng coronavirus disease 2019 (COVID19). "Kahit na sinimulan na ang pagbabakuna sa bansa, ipinapakita ng mga datos na tumataas pa ang COVID19 cases sa ating lungsod. Hindi tayo puwedeng maging kampante, lalo na ngayon kaya kailangang mas nakikipagtulungan ang iba't ibang sektor ng lipunan," ayon kay **Councilor Mikey Belmonte**.

Inilabas ng opisyal ang panawagan kasunod nang pagtaas ng kaso ng sakit sa Bgy. Batasan Hills at Commonwealth mula Pebrero 28 hanggang Marso 6, ayon na rin sa ulat ng University of the Philippines (UP)OCTA Research Team.